



KIT SA PAGKAKABIT NG BOOM! TRIKE BODY SPEAKER

PANGKALAHATAN

Inirerekomenda ang pagkakabit ng isang dealer.

Numero ng Kit

76000747A

Mga Modelo

Para sa impormasyon ukol sa fitment ng modelo, tingnan ang retail na katalogo ng P&A o ang seksyon ng Mga Piyesa at Accessory ng www.harley-davidson.com (Ingles lamang).

Mga Kinakailangan sa Pagkakabit

Maaaring kailanganin ang hiwalay na pagbili at pagkakabit ng mga dagdag na piyesa o accessory para sa wastong pagkakabit ng kit na ito. Mabibili nang hiwalay ang mga ito mula sa isang dealer ng Harley-Davidson.

Amplifier Kit (piyesa bilang 76000277). Tatalakayin sa dokumentong ito ang mga tagubilin para sa pagkakabit ng amplifier.

Kung magkakabit ng **higit sa DALAWANG amplifier**, kakailanganin ang isang Baterya+ Three-Way Y na Pangkonekta (Piyesa Blg. 70270-04A, mabibili nang hiwalay). Ang **ISANG** Baterya+ Three-Way Y na Pangkonekta ay maaaring gamitin ng hanggang sa tatlo (3) pang amplifier.

TALA

HUWAG pagsamahin ang Stage I at Stage II na mga speaker sa parehong sasakyan.

PAUNAWA

Ang Radio EQ ay **DAPAT** i-update ng isang Harley-Davidson dealer **BAGO** paandar ang audio system. Ang pagpapaandar ng audio system bago ang pag-update ng radio EQ ay **AGAD** na makapipinsala sa mga speaker. (00645d)

Ang Radio EQ update gamit ang Digital Technician[®] II diagnostic tool ay:

- Inirerekomenda **bago** ang PAGKAKABIT ng speaker.
- Kinakailangan **bago** PAGAANIN ang audio system.
- Makukuha lang sa mga awtorisadong dealer ng Harley-Davidson.

▲ BABALA

Ang kaligtasan ng nagmamaneho at pasahero ay nakasalalay sa tamang pag-i-install ng kit na ito. Gamitin ang naaangkop na mga pamamaraan sa manwal ng serbisyo. Kung ang pamamaraan ay hindi abot ng iyong kakayahan o wala kang mga angkop na kasangkapan, ipagawa sa isang dealer ng Harley-Davidson ang pag-i-install. Ang maling pag-i-install ng kit na ito ay maaaring magresulta sa kamatayan o malubhang pinsala. (00333b)

TALA

Tumutukoy ang pahina ng tagubilin na ito sa impormasyon tungkol sa manwal ng serbisyo. Ang manwal ng serbisyo para sa taon/modelo na ito ng motorsiklo ay kinakailangan para sa pagkakabit na ito. Mayroong isa na makukuha mula sa dealer ng Harley-Davidson.

Overload sa Kuryente

▲ BABALA

Kapag nag-i-install ng anumang de-kuryenteng accessory, tiyaking hindi lalampas sa maximum na rating ng amperage ng fuse o circuit breaker na nagpoprotekta sa naapektuhang circuit na binabago. Ang paglampas sa maximum na amperage ay maaaring humantong sa mga pagpalyang elektrikal, na maaaring magresulta sa kamatayan o malubhang pinsala. (00310a)

PAUNAWA

Posibleng ma-overload ang charging system ng iyong sasakyan sa pamamagitan ng pagdaragdag ng napakaraming de-kuryenteng accessory. Kung ang pinagsamang de-kuryenteng accessory na gumagana nang sabay-sabay ay kumokonsumo ng higit pa sa kuryenteng kayang likhain ng charging system ng sasakyan, maaaring madiskarga ng pagkonsumo ng kuryente ang baterya at magdulot ng pinsala sa sistemang elektrikal ng sasakyan. (00211d)

Nangangailangan ang amplifier na ito ng hanggang **8 amps** na dagdag na current mula sa elektrikal na system.

Ang pagbili ng kit na ito ay nagbibigay karapatan sa iyo sa isang espesyal na ginawang software para sa sound equalization na ginagamit kasama ng Advanced Audio System. Ang natatanging equalization na ito ay dinisenyo upang ma-optimize ang performance at sound response ng mga ibabang speaker ng BOOM! Audio fairing. Kung ang kit na ito ay hindi ikinabit ng isang dealer ng Harley Davidson, makukuha ang espesyal na equalization software na ito nang walang bayad sa alinmang dealer sa pamamagitan ng Digital Technician II. Maaaring ilapat ang mga presyo ng dealer sa labor para sa proseso ng pag-upgrade.



Mga Nilalaman ng Kit

Tingnan ang Figure 9 at Talahanayan 1 .

PAGHAHANDA

▲ BABALA

Upang maiwasan ang aksidenteng pag-andar ng sasakyan, na maaaring magdulot ng kamatayan o malubhang pinsala, alisin ang pangunahing fuse bago magpatuloy. (00251b)

1. Tanggalin ang pangunahing fuse. Tingnan ang manwal ng serbisyo.
2. Alisin ang upuan. Tingnan ang manwal ng serbisyo.
3. Alisin ang grab rail ng pasahero. Tingnan ang manwal ng serbisyo.
4. Tanggalin ang mga takip sa gilid. Tingnan ang manwal ng serbisyo.
5. Alisin ang body at ilagay sa pamprotektang pad. Tingnan ang manwal ng serbisyo. Maaaring manatiling nakakabit ang mga fender at Tour-Pak sa body.

PAGKAKABIT

TALA

Ang template ay ginagamit para sa parehong gilid ng body.

Tiyakin na walang wire harness o bakal na clip sa loob ng mga panig. Kung may mga bakal na wire retention clip (lalo na sa kaliwang bahagi ng sasakyan), gumamit ng chisel at martilyo upang alisin ang mga clip.

1. Tingnan ang Figure 1 . Ihanay ang template (1) sa isang bahagi ng trike body (2). Ang mga kanto ng template ay umaayon sa mga tangent na kanto ng body work rounds. Ikabit ang template gamit ang tape (3). I-punch sa gitna ang mga lokasyon walong maliit na butas (4). Markahan ang malaking butas (5) gamit ang contrasting marker o grease pencil.




Figure 1. Lokasyon ng Template

2. Alisin ang template. Gumamit ng 7/32 in (5.6 mm) na drill bit upang makapagbarena ng walong maliit na butas. Gumamit ng air saw (o katumbas nito) upang matabas ang opening sa gitna.
3. Baliktarin ang template at ulitin ang mga naunang hakbang para sa kabilang panig.

TALA

Kung magkasabay ang pagkakabit ng Stage II Amplifier na kit sa pagkakabit para sa Trike Tour-Pak na mga pod, gamitin ang parihabang template na kasama sa kit na iyon upang magupit ang butas para sa grommet. Ang butas sa pangunahing Trike body para sa enclosure sa kaliwang bahagi ay nagbibigay ng mas malaking access upang gumamit ng 25.4 mm (1in) na drill bit.

4. **Panloob na bahagi lang** banayad na lihain ang panig ng body sa paligid ng gitna nito at i-bolt ang mga opening ng butas habang tinitiyak na maganda ang paglalagyan ng sapatilya. Kapag naihanda nang maayos ang panig, mababawasan ang paggaralgal, paglangitngit, o pagkalampag na dulot ng mas malaking presyur ng tunog ng inyong BOOM! audio system.
5. Tingnan ang Figure 9 . Ikabit ang bracket (3) sa bahagi na may pangkonekta ng amplifier (hiwalay na ibinebenta ang amplifier). Higpitan gamit ang mga turnilyo (12). Higpitan. Torque: 9,4–12,2 N·m (7–9 ft·lbs) Turnilyo (12)
6. Tingnan ang Figure 2 . Iposiyon ang amplifier at mga bracket (1) sa ibabaw ng apat na nakaangat na pad (4 at 7). Iposiyon ang pangkonekta sa direksyon ng kaliwang bahagi ng sasakyan gaya ng ipinapakita. Igitna ang mga butas sa ibaba sa ibabaw ng mga pang-ibabang pad (4).
7. Markahan ang mga lokasyon ng butas. Alisin ang amplifier na may mga bracket. Magbarena ng apat na butas gamit ang 9/32 in (7.2 mm) na drill bit.
8. Linisin ang lahat ng panig ng body work gamit ang 50-70% na isopropyl alcohol at 30-50% ng distilled na tubig. Payagang matuyo nang husto.
9. Pagkakabit ng enclosure ng speaker.
 - a. Tingnan ang Figure 9 . Maglagay ng isang gasket (18) sa panlabas na panig. Ihanay ang mga butas.
 - b. Maglagay ng trim ring (14) sa ibabaw ng gasket at gitnang butas. (Ang kaliwang trim ring ay may markang "A". Ang kanang trim ring ay may markang "B".) Ipihit ang trim ring upang mapunta sa ibaba ang letra.
 - c. Iposiyon ang tamang enclosure (17 o 4) nang may gasket sa loob ng body.
 - d. Abutin ang gitnang butas. Ihanay ang mga butas sa enclosure, gasket (18) at body. Magpasok ng plastite na turnilyo (13) sa loob ng butas na counterbored.
 - e. Higpitan ang plastite na turnilyo nang dalawa o tatlong ikot. Sapat na pag-ikot upang mapayagang lumawit ang enclosure.

- f. Magpasok ng plastite na turnilyo sa butas na counterbored na katapat ng unang turnilyo. Ihanay ang enclosure, mga gasket, body trim ring at turnilyo. Ipihit nang ilang beses ang turnilyo upang maikabit sa puwesto ang enclosure.
- g. Magpasok ng mga plastite na turnilyo sa dalawang natitirang butas na counterbored. Ihanay ang enclosure, mga gasket, body trim ring at mga turnilyo. Ipihit nang ilang beses ang turnilyo upang maikabit sa puwesto ang enclosure.
- h. Higpitan ang plastite na turnilyo nang halinhinan. Higpitan.
Torque: 2,2 N·m (20 in-lbs) Plastite na turnilyo

- 10. Ulitin ang mga naunang hakbang upang ikabit ang kabilang bahagi ng enclosure at mga piyesa.
- 11. Tingnan ang Figure 2 . Maglagay ng washer (5) sa mga turnilyo (6). Ikabit papaloob sa mga butas mula sa loob ng trunk. Mula sa labas ng trunk, maglagay ng ekstrang washer (5) sa ibabaw ng mga turnilyo sa itaas upang maging spacer ito. Iposiyon ang amplifier at mga bracket (1) sa ibabaw ng apat na nakaangat na pad (4 at 7). Iposiyon ang pangkonekta sa may kaliwang bahagi ng sasakyan. Ikabit ang mga washer (2) sa ibabaw ng mga bracket at turnilyo. Higpitan sa pamamagitan ng nut (3). Higpitan.
Torque: 10,8–12,2 N·m (96–108 in-lbs) Nut (3)




Figure 2. Pagkakabit ng Amplifier

- 12. Tingnan ang Figure 4 . Iruta ang umiiral na wire (16).
- 13. Ikonekta ang wire harness sa amplifier.
- 14. Tingnan ang Figure 4 at Figure 5 . Iruta ang harness para sa mga speaker at amplifier. Higpitan ang mga wire kung kinakailangan.

- 15. Iposiyon ang body sa frame. Tingnan ang manwal ng serbisyo. Maaaring manatiling hindi nakakabit nang maayos ang body hanggang sa matapos ang wiring.

TALA

Kapag inalis ang body para ipaserbisyo sa ibang pagkakataon, dapat alisin ang pagkakakonekta ng harness mula sa pangunahing sasakyan/frame. Maaari itong iwanang nakakonekta sa amplifier at mga speaker.

TALA

I-configure ang harness upang tumugma sa amplifier. Ang maling pag-configure sa harness ay maaaring maging sanhi ng pag-load ng maling EQ file, at pagkasira ng mga speaker. Hanapin ang configuration wire [32] sa pangunahing harness. Tiyaking hindi nakakonekta ang male at female na mga terminal.

- 16. **2017 at 2018 na mga modelo:** Tapusin ang Pagruruta sa harness:

- a. Iruta nang paharap ang kit harness sa mga frame rail habang sinusundan ang pangunahing harness sa ilalim ng backbone.
- b. Iruta ang harness sa kanang bahagi ng cavity ng baterya sa pagitan ng baterya at reverse solenoid. Ilagay ang wire ng pulang fuse at itim na ground wire sa harap ng baterya.
- c. Tingnan ang Figure 3 . Hanapin ang 2-way na Delphi CAN na pangkonekta [319B] (1) sa ilalim ng takip ng kanang bahagi.
- d. Ang takip ay isang terminating resistor pack na nakakabit sa electrical caddy. Alisin ang pangkonekta [319B] (1) mula sa resistor pack.
- e. Ikonekta ang [319A] mula sa harness na kasama sa kit (Tingnan ang Figure 5 item 7) sa [319B] (1) ng sasakyan.
- f. Kung ito lang ang koneksyon ng amplifier (sa likod) sa pagkakabit na ito, ikonekta ang [319B] (1) na bahagi ng harness C mula sa kit pabalik sa terminating resistor pack mula sa hakbang "B" sa itaas. Kung maraming amplifier ang ginagamit sa likod, mag-daisy chin [319] mula sa harness na ito papunta sa [319] ng susunod na harness ng amplifier. Palaging tiyakin na ang natitirang pangkonektang [319] ay nakakonekta sa terminating resistor ng sasakyan.

- 17. **2019 at mas bagong mga modelo:** Tapusin ang Pagruruta sa harness:

- a. Iruta nang paharap ang kit harness sa mga frame rail habang sinusundan ang pangunahing harness sa ilalim ng backbone.
- b. Paghiwa-hiwalayin ang tatlong cable tie na nagbibigkis sa pangkonektang [319B] (1) harness.
- c. Tingnan ang Figure 3 . Iruta ang pangkonektang [319B] (1) at [319A] nang direktso at pagkatapos sa ilalim ng frame sa kaliwang bahagi ng CAN na pangkonekta ng sasakyan.

- d. Iruta ang natitirang bahagi ng harness sa kanang bahagi ng cavity ng baterya sa pagitan ng baterya at reverse solenoid.
- e. Ilagay ang wire ng pulang fuse at itim na ground wire sa harap ng baterya.
- f. Tingnan ang Figure 3. Hanapin ang 2-way na Delphi CAN na pangkonekta [319B] (1) sa ilalim ng takip ng kanang bahagi.
- g. Ang takip ay isang terminating resistor pack na nakakabit sa electrical caddy. Alisin ang pangkonekta [319B] (1) mula sa resistor pack.
- h. Ikonekta ang [319A] mula sa harness na kasama sa kit (Tingnan ang Figure 5 item 7) sa [319B] (1) ng sasakyan.
- i. Kung ito lang ang koneksyon ng amplifier (sa likod) sa pagkakabit na ito, ikonekta ang [319B] (1) na bahagi ng harness C mula sa kit pabalik sa terminating resistor pack mula sa hakbang "B" sa itaas. Kung maraming amplifier ang ginagamit sa likod, mag-daisy chin [319] mula sa harness na ito papunta sa [319] ng susunod na harness ng amplifier. Palaging tiyakin na ang natitirang pangkonektang [319] ay nakakonekta sa terminating resistor ng sasakyan.




Figure 3. CAN na Pangkonekta [319B].

18.

- a. Hanapin ang pangkonektang 299 sa sasakyan (sa ilalim ng inner fairing, tingnan ang manwal ng serbisyo para sa lokasyon). Maaaring nakakonekta na ang pangkonektang ito sa isang faring amplifier.
- b. Ikabit ang 69200921 "Y" (Tingnan ang Figure 8) sa bahagi ng sasakyang 299, at ilagay ang isang dulo sa harness ng faring amplifier.
- c. Ikabit ang 69201545 jumper (Tingnan ang Figure 7) sa kabilang dulo ng 69200921 "Y" sa loob ng faring. (Kung may naikabit nang 69201545 jumper sa sasakyan, lumaktaw sa "e". Huwag magkabit ng higit sa isang 69201545 jumper.)
- d. Iruta papaloob ng inner faring ang 69201545 jumper at papasok sa wire trough kasunod ng pagruruta sa Faring harness.
- e. Hanapin ang dulo ng 69201545 jumper sa ilalim ng RH na takip sa gilid na malapit sa mga pangkonektang [319]. Kung mayroon nang 69201545 mula sa nauna nang pagkakabit, gumamit ng 69200921 "Y" sa ilalim ng RH na takip sa gilid upang ikonekta ang [299].

TALA

Kung higit sa isa ang nakakabit na amplifier sa likuran ng sasakyan, maaaring gumamit ng hanggang dalawang pangkonektang 69200921.


19. Ikabit ang (+) at (-) na mga kable ng baterya.

TALA

Kung magkasabay ang pagkakabit ng Stage II Amplifier na kit sa pagkakabit para sa mga Trike na Tour-Pak pod, ikabit ang pangkonektang [319B] ng isang harness sa OE na sasakyan. Ikonekta ang [319A] ng unang harness sa [319B] ng pangalawang harness at iruta sa harap ng compartment ng baterya. Iruta ang [319A] ng pangalawang harness papunta sa takip sa gilid upang magsilbing bagong Digital Tech input. Hindi mahalaga kung aling harness ang itinalagang una o pangalawang harness.


20. Ikonekta ang amplifier input:

- a. **Configuration ng Stage I 6-speaker:** Ikabit ang harness (296) nang direkta sa 16-way harness (na dating ikinabit sa pamamagitan ng fairing amplifier kit), na nasa likod ng upuan ng pasahero. **Configuration ng Stage II 6-speaker** Ikabit ang 3-way na interconnect harness (item 15, Figure 9) sa 16-way harness (na dating ikinabit sa pamamagitan ng fairing amplifier kit), na nasa likod ng upuan ng pasahero. Ikabit ang harness (296) sa 3-way na interconnector.




- | | |
|--|---|
| 1. Pangkonekta ng amplifier | 10. Kaliwang speaker mid/tweeter [37TB] |
| 2. Mga pangkonekta ng woofer ng kanang speaker | 11. Mga pangkonekta ng kaliwang speaker |
| 3. Pangkonekta ng kanang speaker mid/tweeter [36TB] | 12. Enclosure ng kaliwang speaker |
| 4. Pangkonekta ng amp configuration setting [32] | 13. Enclosure ng kanang speaker |
| 5. Positibong terminal ng baterya [B+] | 14. Gitnang notch |
| 6. Negatibong terminal ng baterya [B-] | 15. Hardware sa pag-mount ng body |
| 7. Bagong CAN na pangkonekta [319A] sa OE na harness | 16. Wire, umiiral |
| 8. CAN na pangkonekta [319B] sa terminating resistor, o daisy chain para sa karagdagang harness ng amplifier | 17. Wire bracket, umiiral |
| 9. Pangkonekta ng audio input [296]. | 18. Accessory/Ignition power [299] |

Figure 4. Wire Harness (mula sa ibaba paitaas)




- | | |
|---|--|
| <ol style="list-style-type: none"> 1. Pangkonekta ng amplifier 2. Mga pangkonekta ng kaliwang speaker (woofer) 3. Pangkonekta ng kaliwang speaker (mid/tweeter) [36TB] (stage II lang) 4. Pangkonektang wire para sa inline configuration 5. Positibong terminal ng baterya [B+] 6. Negatibong terminal ng baterya [B-] 7. Bagong CAN na pangkonekta [319A] sa OE na harness 8. CAN na pangkonekta [319B] sa terminating resistor, o daisy chain para sa karagdagang harness ng amplifier | <ol style="list-style-type: none"> 9. Pangkonekta ng audio input [296]. 10. Pangkonekta ng kanang speaker (mid/tweeter) [37TB] (stage II lang) 11. Pangkonekta ng kanang speaker (woofer) 12. Enclosure ng kaliwang speaker 13. Enclosure ng kanang speaker 14. Frame tube at reverse module ng kanang bahagi 15. Pangkonekta ng Inline B+ [160A/B] 16. Accessory/Ignition power [299] |
|---|--|

Figure 5. Wire Harness at Mga Pangkonekta




1. Pangkonekta ng channel output ng radyo sa likod [296]
2. Pangkonekta ng audio input [3]

Figure 6. Wire Harness ng Audio Input at Output



1. Accessory power [299A]
2. Accessory power [299B]

Figure 7. Wire Harness, Jumper



1. Accessory power [299B]
2. Accessory power [299A]

Figure 8. Accessory Power Wire Harness

PAUNAWA

Ang Radio EQ ay DAPAT i-update ng isang Harley-Davidson dealer BAGO paandar ang audio system. Ang pagpapaandar ng audio system bago ang pag-update ng radio EQ ay AGAD na makapinsala sa mga speaker. (00645d)

21. Ikabit ang body. Tingnan ang manwal ng serbisyo.
22. Ikabit ang grab rail ng pasahero. Tingnan ang manwal ng serbisyo.
23. Ikabit ang mga takip sa gilid. Tingnan ang manwal ng serbisyo.

24. Tingnan ang manwal ng serbisyo. Ikabit ang upuan. Pagkatapos ikabit ang upuan, hatakin pataas ang upuan upang matiyak na nakakabit ito nang mabuti.
25. Ikabit ang pangunahing fuse. Tingnan ang manwal ng serbisyo.

2. Kapag ginagamit kasama ng mga Stage I speaker, makikitang bukas ang channel 3 at 4. Channel 1 ang kaliwang speaker, channel 2 ang kanang speaker.
3. Kapag ginagamit kasama ang mga Stage II speaker: Ang Channel 1 ay ang kaliwang woofer. Ang Channel 2 ay ang kanang woofer, mananatiling mid/tweeter ang channel 3, ang channel 4 ay kanang mid/tweeter.

MGA TALA NG DIGITAL TECHNICIAN

1. Kapag naka-configure nang maayos ang harness, ang amplifier na nakakabit sa kit na ito ay makikilala bilang AMP 2. Kahit na ang amplifier na ito ang pangalawa o pangatlong amplifier na aktwal na nakakabit. Tingnan ang Figure 5 Upang makilala ng Digital Technician ang pangkonekta ng amplifier 2 (4) Ang see ay dapat ma-unplug.

MGA PAMALIT NA PIYESA




Figure 9. Mga Pamalit na Piyesa, Kit sa Pagkakabit ng Speaker Expansion

Talahanayan 1. Mga Pamalit na Piyesa

Item	Paglalarawan (Dami)	Numero ng Piyesa
1	Turnilyo (4)	2513
2	Washer (6)	6036
3	Bracket, amp mount, bahagi ng pangkonekta	Hindi ipinagbibili nang hiwalay
4	Speaker enclosure, kaliwang bahagi	Hindi ipinagbibili nang hiwalay
5	Tie strap (9)	10006
6	Bracket, wire retainer (4)	69200342
7	Template	76000628
8	Wire harness, amplifier	Hindi ipinagbibili nang hiwalay
9	Nut, nylock	7686
10	Washer (4)	6110
11	Turnilyo (8)	2963
12	Turnilyo (4)	926
13	Turnilyo, plastite (8), #8-16 x 1 in.	Hindi ipinagbibili nang hiwalay
14	Trim ring, (kaliwa "A")	76000612
	Trim ring, (kanan "B")	76000611

Talahanayan 1. Mga Pamalit na Piyesa

Item	Paglalarawan (Dami)	Numero ng Piyesa
15	Wire harness, audio input	Hindi ipinagbibili nang hiwalay
16	Grommet, round (2)	12100071
17	Speaker enclosure, kanang bahagi	Hindi ipinagbibili nang hiwalay
18	Gasket, speaker enclosure (4)	76000619
19	Bracket, amp mount, bahagi na walang pangkonekta	Hindi ipinagbibili nang hiwalay
20	Jumper harness	96201545
21	Power connector	69200921

Impormasyon sa Diagram ng Wiring

Mga Code ng Kulay ng Wire

Para sa Buong Kulay na Mga Kable: Tingnan ang Mga Simbolo ng Pangkonekta/Dayagram ng Mga Kable (Karaniwan). Tinutukoy ng alpha code ang kulay ng wire.

Para sa Mga May Stripe na Wire: Ang koda ay nakasulat nang may slash (/) sa pagitan ng buong kulay na koda at ang may stripe na koda. Halimbawa, ang isang trace na may label na GN/Y ay kulay berdeng wire na may dilaw na stripe.

Mga Simbolo ng Diagram ng Wiring

Tingnan ang Mga Simbolo ng Pangkonekta/Dayagram ng Mga Kable (Karaniwan). Ang mga bracket [] ay nagpapahiwatig ng mga numero ng pangkonekta. Ang letra sa loob ng mga bracket ay tumutukoy kung ang housing ay isang socket o pin housing.

A=Pin: Ang letrang A at ang pin na simbolo pagkatapos na matukoy ng isang numero ng pangkonekta ang pin na bahagi ng terminal na mga pangkonekta.

B=Saksakan: Ang letrang B at ang simbolo ng saksakan pagkatapos matukoy ng isang numero ng pangkonekta ang bahagi ng saksakan ng terminal na mga pangkonekta. Kabilang sa ibang mga simbolo na makikita sa mga diagram ng wiring ang:

Diode: Ang diode ay nagpapahintulot ng daloy ng kuryente sa isang direksyon sa circuit lamang.

Pagkaputol ng kable: Ang mga pagkaputol ng kable ay ginagamit para ipakita ang mga pagkakaiba o mga pagtatapos ng pahina.

Walang Koneksyon: Dalawang kable na nagpapatung-patong sa isang dayagram ng mga kable na ipinapakita nang walang pinagdugtungan, na nagpapahiwatig na hindi nakakonekta ang mga ito sa isa't isa.

Circuit patungo/mula sa: Ang simbolong ito ay nagpapahiwatig ng isang kumpletong dayagram ng circuit sa ibang pahina. Tinutukoy din ng simbolo ang direksyon ng daloy ng current.

Pinagdugtungan: Ang mga pinagdugtungan ay kung saan may dalawa o higit pang kable na nakakonekta sa isa't isa sa isang wiring diagram. Ang ipinapahiwatig ng splice ay naka-splice ang mga wire sa circuit na iyon. Hindi ito ang totoong lokasyon ng splice sa wiring harness.

Ground: Ang mga ground ay maaaring tukuyin bilang malinis o maduming ground. Ang malinis na grounds ay tinutukoy ng (BK/GN) wire at karaniwang ginagamit para sa mga sensor o modyul.


TALA

Karaniwang walang electric motor, coil o iba pang maaaring magdulot ng elektrikal na interperensya sa ground circuit ang malinis na ground.

Ang mga maruming ground ay matutukoy ng isang (BK) wire at ginagamit para sa mga bahaging hindi kasing sensitibo sa elektrikal na interperensya.

Magkapilipit na pares: Ang simbolong ito ay nagpapahiwatig na ang dalawang kable ay nakapilipit sa isa't isa sa harness. Binabawasan nito ang electromagnetic na interperensya ng circuit mula sa mga panlabas na pinagmumulan nito. Kung kailangan ayusin ang mga wire, dapat ay manatiling magkapilipit ang mga ito.

ed03175




1. Numero ng pangkonekta
2. Terminal code (A=pin, B=socket)
3. lisang kulay na wire
4. May stripe na kulay ng wire
5. Simbolo ng socket
6. Simbolo ng pin
7. Diode
8. Wire break
9. Walang koneksyon
10. Circuit na papunta sa/mula sa
11. Splice
12. Ground
13. Magkapilipit na pares

Talahanayan 2. Mga Code ng Kulay ng Wire

ALPHA CODE	KULAY NG WIRE
BE	Blue (Asul)
BK	Black
BN	Brown
GN	Green (Berde)
GY	Gray (Abo)
LBE	Light Blue
LGN	Light Green
O	Orange
PK	Pink
R	Red (Pula)
TN	Tan
V	Violet
W	White
Y	Yellow

Figure 10. Mga Simbolo sa Diagram ng Pangkonekta/Wiring



1. Positibong ring terminal [B+]
2. Pangkonekta ng Inline B+ [160A/B]
3. Fuse ng amplifier
4. Pangkonekta ng kanang speaker (mid/tweeter) [36TB]
5. Likurang speaker pod woofer [297A]
6. Pangkonekta ng amplifier ng Fairing [149B]
7. Negatibong ring terminal [B-]
8. Pangkonekta ng kaliwang speaker (mid/tweeter) [37TB]
9. Amplifier input [296B]
10. Accessory/Ignition power [299B]
11. CAN na pangkonekta [319B]
12. CAN na pangkonekta [319A]

Figure 11. Pangunahing Wiring Harness ng Amplifier (Fairing)




Figure 12. Audio Input Harness




Figure 13. Wire Harness ng Jumper sa Likod




Figure 14. Accessory Power Harness